
LEVEL 2

# Leveled Reader
in Filipino


# Paano Nakagawa ng Bahay ang Pagong?





Isinulat ni Elizabeth B. Shusha

Iginuhit ni Iddi Marumba


Sinuri ni Neriza C. Pesigan



Noong unang panahon, walang talukab sa likod ng pagong.




Kaya hirap na hirap siya kapag mainit, maulan, o malamig ang panahon!



Ninais niyang makagawa ng sarili niyang bahay. Kaya sinimulan niyang mangolekta ng materyales.



May kabagalan ang pagong sa pagkilos. Hindi siya nakakuha ng sapat na sanga ng puno para makagawa ng maayos na bahay.



Umupo siya at nag-isip kung ano ang pwede niyang gawin. Matapos ang matagal na pag-iisip, nagpasya siyang maghanap ng mga bahay na gawa na.




Nakatagpo siya ng kuweba. Sumilip siya sa loob. Mukha itong mainit at tuyo. Ngunit pagmamay-ari ng kuneho at ng mga anak nito ang kuweba.



Umakyat siya sa isang puno. Ngunit hinabol siya ng maiingay at nag-iiyakang ibon sa kanilang pugad. Malungkot na umalis ang pagong habang pawis na pawis sa ilalim ng sikat ng araw.



Isang araw, habang pagala-gala ang pagong, natagpuan niya ang baka kasama ang kaniyang mga anak sa bakuran. “Puwede ba akong sumali?” tanong ng pagong. “Paumanhin,” sagot ng baka, “ngunit hindi ka namin matutulungan. Puno na rito.”



Nang umalis siya sa bakuran ng mga baka, napadaan siya sa lilim ng isang puno. Pumatak sa kaniyang likod ang mga dagta ng puno. Nagustuhan ni Pagong ang lamig na dulot ng dagta na dumudulas sa buong likod niya. Tumigil siya sandali upang magpahinga dahil napakainit ng panahon. Babad na babad ng dagta ang kaniyang likod.



Napansin niya ang piraso ng balat ng puno na dumikit sa kaniyang likod nang naglalakad na siya palayo. Dikit na dikit ito.




Noong lumakad siya sa ilalim ng tirik na sikat ng araw, wala nang nahulog sa idinikit niyang mga piraso.




Tumalon siya sa tubig at nagtampisaw. Malamig na rin sa wakas. Higit sa lahat, nanatiling nakadikit ang mga piraso ng balat ng puno sa kaniyang likod.



Pinulot ng pagong ang ibang piraso ng balat ng puno at inilagay sa kaniyang likod. Pagkatapos, naglagay siya ng isa pa, at isa pa. Humiga siya upang lalong dumikit ang mga balat ng puno.



Naglaro ang pagong sa buhanginan. Nakadikit pa rin ang mga balat ng puno sa kaniyang likod.



Ngayon, komportable na ang pagong anuman ang maging panahon. Hindi na siya takot sa init, ulan, o lamig. Mananatili ang mga piraso ng balat ng puno sa kaniyang likod magpakailanman. Sa wakas, nakagawa na ang pagong ng kaniyang tirahan. Dala-dala niya ito at ipinagmamalaki hanggang sa ngayon!

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI
INTERNATIONAL

The Asia Foundation